

Bagong Hamon, Kalakaran, at Kairalan sa Palagitlingan

Vasil A. Victoria

vvictoria@gbox.adnu.edu.ph

ABSTRAK (ABSTRACT)

Sa lahat ng bantas, gitling ang may pinakamaraming tuntunin sa paggamit at pagsusulat sa wikang Filipino.

Ang papel na ito ay naglalaman ng ilang detalyadong pagpapaliwanag at pagsusuri kaugnay sa wastong gamit ng gitling. Binalikan dito ang mga klasikong tuntunin sa paggamit nito hanggang sa *updated* na bersiyon nito mulang *Komisyon sa Wikang Filipino*, ang *Ortograpiyang Pambansa* at *Manwal ng Masinop na Pagsulat*. Layunin ng papel na ito na (1) maisa-isa ang dati at bagong gamit ng palagitlingan kasama ang mga tiyak na halimbawa, (2) mailarawan ang ilang hamon, kalakaran, at kairalan kaugnay sa paggitling, at (3) makapagmungkahi ng mga bagong tuntunin sa paggamit ng gitling lalo na sa mga kakulangan at kahingian ng kontemporaneong danas sa pagsusulat sa wikang Filipino.

Idiniin sa pananaliksik ang deskriptibong metodo at perspektiba kaugnay sa ilang kaso sa usapin ng paggamit ng gitling lalo na ang mga hamon, kalakaran, at kairalan sa kasalukuyang panahon dulot ng pagbabago, teknolohiya, at *social media* lalo na sa aspekto ng panghihiram ng mga banyagang salita at ang pag-uunlapi sa mga ito. Inaangklahan ng pananaliksik ang estandardisasyon ng wikang Filipino tungo sa intelektuwalisasyon nito.

(Among all punctuation marks, the hyphen is arguably the most maltreated and misused in Filipino writing.

This paper presents a detailed discussion and analysis of the proper use of the hyphen in Filipino. It reexamines the traditional rules of hyphenation and examines their updated formulations as prescribed by the Komisyon sa Wikang Filipino particularly in the Ortograpiyang Pambansa and the Manwal ng Masinop na Pagsulat. Specifically, this paper aims to: (1) identify the traditional and contemporary uses of hyphenation, with concrete examples; (2) describe the challenges, trends, and prevailing practices related to hyphen use; and (3) propose additional guidelines for the use of the hyphen, particularly in areas where existing rules may not fully address the demands of contemporary Filipino writing.

Employing a descriptive method and perspective, this study explores selected cases involving hyphen use, with particular attention to current challenges, trends, and practices shaped by linguistic change, technology, and social media. The discussion focuses especially on the borrowing of foreign words and the attachment of Filipino prefixes to them. This study is anchored in the standardization of the Filipino language as part of its broader intellectualization.)

Mga Susing Salita: Estandardisasyon, Gitling, Ispeling, Ortograpiya, Tuntunin

Introduksiyon

Sa lahat ng bantas, gitling ang may pinakamaraming tuntunin sa paggamit at pagsusulat sa wikang Filipino.

Isa sa mga bantas sa wikang Filipino ang gitling. Sa Ingles, ang katumbas naman nito ay *hyphen* at hindi *dash*. Gatlang ang *dash*. Gitling ang *hyphen*. Mas mahaba ang gatlang sa anyo kapag isinusulat kaysa sa gitling. Ang gatlang ay para sa numero o petsa, ang gitling naman ay para sa mga salita at numero.

Sa *KWF Diksiyonaryo ng Wikang Filipino* (2025), binigyang-kahulugan ang gitling bilang “Bantas (-) na maraming gámit sa Filipino gaya ng sa mga inuulit na salita (hal. gabí-gabí), sa inisyal na impit kung nilapian (hal. mag-isa), sa tambalan (hal. bunong-braso), atbp.” Isa rin itong pangngalan o *noun* bilang bahagi ng panalita sapagkat pinapangalan nito ang isa sa bantas sa wikang Filipino.

Sa *UP Diksiyonaryo* (2010) at *Diksyunaryo ng Wikang Filipino Sentinyal Edisyon* (1998) naman, sinasabing “ang gitling ay nasa ilalim ng Gramatikang nangangahulugang maikling guhit na inilalagay sa pagitan ng dalawang pantig na pinaghahati, sa pagitan ng tambalang salita, o sa dalawang salitang pinagkakabit.”

Pangunahing lente at sanggunian ng papel na ito ang *Manwal ng Masinop na Pagsulat* (2014) ng *Komisyon sa Wikang Filipino* kaugnay sa wastong gamit ng gitling. Sa Seksiyon 11 sa pahina 44-49, tinalakay ang 12 gamit ng gitling:

1. Sa Inuulit na Salita,
2. Sa Isahang Pantig na Tunog,
3. Sa Paghihiwalay ng Katinig at Patinig,
4. Sa Pinabigat na Pantig,
5. Sa Bagong Tambalan,
6. Iwasan ang “Bigyan-”,
7. Tambalan ang “Punongkahoy,”
8. Sa Pasulat na Oras,

9. Sa Kasunod ng “De,”
10. Sa Kasunod ng “Di,”
11. Sa Apelyido, at
12. Sa Pagsaklaw ng Panahon.

Mga Bagong Hamon, Kalakaran, at Kairalan sa Palagitlingan

Tatalakayin sa bahaging ito ang ilan sa wastong gamit ng gitling, bagong pagtanaw rito, kakulangan ng paglilinaw sa paggamit nito, at iba pang mahalagang isyung kaakibat nito kaugnay sa kasalukuyang hamon at praktika ng pagsusulat, mundo ng *social media*, panghihiram, pagbigkas, at ortograpiya. Bago ito, balikan natin ang dating tuntunin noon sa palagitlingan. Sa lahat ng bantas, gitling ang may pinakamaraming gamit. Sa *Panimulang Lingguwistika sa Pilipino* ni Santiago (1979) ay nagbigay ito ng walong tuntunin sa palagitlingan:

1. Kapag ang salita ay inuulit (matamis-tamis, mabuting-mabuti).
2. Kapag ang unlapi ay nagtatapos sa katinig at ang salitang-ugat na nilalapan ay nagsisimula sa patinig (mag-alis, nag-iba).
3. Kapag may katagang nawawala sa pagitan ng dalawang salitang pinagsasama (bahay-kubo, lakad-takbo).
4. Kapag ang isang panlapi ay inilalapi sa unahan ng isang ngalang pantangi (maka-Blair, taga-Pamplona).
5. Kapag ang panlaping ma- ay iniuna sa mga pang-uri lalo na sa mga nagsisimula sa m at nagbibigay ng kahulugang maging (ma-mayaman, ma-mahirap).
6. Kapag ang panlaping ika- ay iniunlapi sa mga tambilang (ika-5, ika-43).
7. Kapag isinisulat nang patitik ang yunit ng praksyon (isang-kapat, tatlong-kapat).
8. Kapag nananatili ang kahulugan ng dalawang salitang pinagtatambal (tawang-aso, madaling-araw).

Narito ang mga ilalatag na bagong hamon, kalakaran, at kairalan kaugnay sa palagitlingan sa wikang Filipino na kailangang pag-usapan, pagdebatehan, paglimian, at pagkasunduan upang maging mas estandardisado ang Wikang Pambansa.

Kaso 1: Pag-uulit ng Salita

Umpisahan nating linawin ang mga naunang tuntunin kaugnay sa paggitling. Ang naobserbahang malaking problema ay ang unang tuntuning nagsasabing gagamitin ang gitling kapag ang salita ay inuulit. Problematiko ang tuntuning ito. Isa ito sa pinagbukalan ng maraming kalituhan ng mga edukador at gumagamit ng wikang Filipino. Hindi malinaw ang tuntunin. Kulang ito. Hindi kompleto. Inuulit din kasi ang salitang **paruparo** at **gamugamo** gayundin ang **kilikili**, **baba**, **haluhalo**, **pispis**, **satsat**, **laylay**, **sutsot**. Bakit walang gitling ang mga ito? Sapagkat pantig ang inulit sa salita. Kaya nga sinasabing ang mas tama, akma, at kompletong tuntunin ay ito, **maglalagay dapat ng gitling sa isang salitang-ugat na inuulit**. Ngunit kapag pantig lamang ang pag-uulit ay hindi kailangan ng gitling. Kaya may gitling ang **oras-oras**, **araw-araw**, **buwan-buwan**, **taon-taon**, atbp.

Hindi rin kompleto ang unang tuntuning kahit nilinaw pang salitang-ugat ang inuulit sa mga salitang gitlingan. Kailangan itong dagdagan gaya nito para sa ikalawang paglilinaw, maglalagay dapat ng gitling sa isang salitang-ugat na inuulit, **ganap man o parsiyal ito**. Tandaang may dalawang uri ng pag-uulit ng mga salita sa wikang Filipino (Santiago at Tiangco, 1991). Ganap na pag-uulit kapag dinodoble ang buong salitang-ugat. Parsiyal naman o di-ganap kapag bahagi pantig lamang ang inuulit gaya ng **segu-segundo**, **minu-minuto**, **deka-dekada**, **kapana-panabik**, **bali-baligtad**, **kagila-gilalas**, **kasa-kasama**, **kandi-kandidato**, **bali-balita**, atbp. Ibig sabihin ng parsiyal o di-ganap na pag-uulit ay bahagi lamang ng salitang-ugat ang kinuha sa bandang una at saka sinusundan ng buong salitang-ugat.

Muli, may dapat pang linawin sa kaso ng pag-uulit ng salitang-ugat. Ito ang ikatlong tuntunin, maglalagay dapat ng gitling sa isang salitang-ugat na inuulit ganap man o parsiyal ito **kahit pa may kasama itong mga panlapi sa kahit anong posisyon nito** (unlapi, hulapi, kabilaan). Kaya may gitling ang **pagkaganda-ganda**, **pagkaguwapo-guwapo**, **pagkalaki-laki**, **pagkatigas-tigas**, **hahabol-habol**, **kataka-taka**, **katakot-takot**, **bali-baligtarin**, **tao-tauhan**, **makapagkape-kape**, atbp.

Sa ikaapat na tuntunin namang dapat repasuhin ay ito, maglalagay ng gitling sa isang salitang-ugat na inuulit, ganap man o parsiyal ito kahit pa

may kasama itong mga panlapi **at/o pang-angkop**. Kaya may gitling ang **totoong-totoo**, **pantasyang-pantasya**, **lutong-luto**, **litong-lito**, **marahang-marahan**, **mahinahong-mahinahon**, atbp

Ikalima, **may gitling pa rin ang isang salitang-ugat na inuulit kahit ito ay hiwalay sa pang-abay** gaya ng **kay** sarap-sarap, **kay** tali-talino, **kay** bilis-bilis, **kay** saya-saya, **kay** palad-palad, **kay** sigla-sigla, **kay** sungit-sungit, atbp. Tandaang ang **kay** ay marker at hindi panlapi (Almario et al, 2009). Sa mga bahagi ng panalita, ang **kay** ay pang-abay dahil ang inilalarawan nito ay pang-uri.

Muli nating balikan ang bagong tuntunin ng palagitlingan batay sa *Ortograpiyang Pambansa/OP* (Komisyon sa Wikang Filipino, 2014a) at *Manwal ng Masinop na Pagsulat/MMP* (Komisyon sa Wikang Filipino, 2014b). Ang ilalagay lamang rito ay ang wala sa mga unang tuntunin gaya ng:

1. Sa isahang pantig na tunog (tik-tak, ding-dong),
2. Sa pinabigat na pantig (lig-in, mus-ing),
3. Sa pasulat na oras (ika-8 ng umaga, alas-tres ng hapon),
4. Sa kasunod ng de (de-kolor, de-bote),
5. Kasunod ng di (di-mahayapang-gatang, di-malipawarang-uwak),
at
6. Sa apelyido (Miriam Defensor-Santiago, Gloria Macapagal-Arroyo).

Kaso 2: Gitling at Gatlang

Gaya ng nasabi ko, iba ang gitling sa gatlang kaya palaisipan sa akin kung bakit sa *OP* at *MMP* ay isinama ang gatlang sa ilalim ng pagtalakay ng gitling. Nagiging problema ito sapagkat hindi napaghihiwalay at napag-iiba ang dalawang bantas na itong may magkaiba ngang ngalan, salin sa Ingles, at gamit. Kung ito pala ay hindi tiwalag sa isa't isa bakit nagkaroon ng iba pang pangalan, salin, at paggagamitan? Tanging *OP* at *MMP* ang nagsama sa dalawang magkaibang bantas na ito. Sa maraming sanggunian sa gramatikang Filipino ay sadyang inihiwalay at pinag-iba ang gitling at gatlang.

Sa *OP* at *MMP* ay narito ang gamit ng gatlang:

1. Sa pagsaklaw ng panahon- *Taong Panuruang 2025–26, Mayo 23–26*
2. Kapag nawawala ang pangwakas na petsa-1982–
3. Kapag ibinibitin ang daloy ng pangungusap at may idinaragdag na impormasyon- *Natuwa ako—at kinilig nang husto—nang makita ko si Diozen.*

Kaso 3: Panlaping Nagtatapos sa Patinig at Salitang-ugat na Nagsisimula sa Patinig

Marami rin ang nakakamisintrepret ng tuntuning ito, maglalagay ng gitling kapag ang unlapi ay nagtatapos sa **katinig** at ang salitang-ugat ay nagsisimula sa **patinig** gaya ng pag-ibig, pag-asa, pag-ako, pang-akay, pang-ilaw, pang-okoy, pang-ulam, pag-edit, pag-ihaw, pang-uri, pang-angkop, pang-abay, pang-ukol, atbp.

Ngunit walang gitling ang nakaupo, tagaahit, pagkaorihinal, tagainit, palaasa, palaeskandalo, tagaiskul, tagaawat, nakaaway, nakailaw, magpaeksam, palaabsent, nakainternet, nakaekstra, pakialpabeto, naisaaklat, paidyomatiko, nakaugat, pakiitalisado, nakaorder, makakaasa, ikaapat, atbp. Walang tuntunin sa palagitlingang nagsasabing maglalagay ng gitling kapag ang unlapi ay nagtatapos sa **patinig** at ang salitang-ugat ay nagsisimula pa rin sa **patinig** o **bokablo**.

Kaso 4: Mga Walang Nakatala sa Tuntunin

May apat pa akong iminumungkahing gamit ng gitling sa wikang Filipino. Lantaran o aktuwal na ginagamit ang mga tuntunin o praktikang ito ngunit walang malinaw na nagsasabing tuntunin kaugnay nito kahit sa *Panimulang Linggwistika sa Pilipino* ni Santiago at maging ng *OP* at *MMP*. Una, dapat gamitin ang gitling kapag pinuputol ang salita sa huling linya at dulo ng papel katabi ng pinutol na salita o termino. Dapat idiing katabi ng pinutol na salita o termino ang gitling sapagkat kalakaran sa ilan sa kasalukuyang ang gitling ay nasa ibaba ng pinutol na salita o termino. Ang halimbawa ay makikita sa kahon sa ibaba.

Tama

Isa sa pinakamatinding dahilan kung bakit ako nabuhay ay upang magturo nang bu-ong husay at magmahal nang buong dalisay.

Mali

Isa sa pinakamatinding dahilan kung bakit ako nabuhay ay upang magturo nang bu -ong husay at magmahal nang buong dalisay.

Siyempre pa, ginagamit ang gitling sa pantig o pagpapantig. Tumutukoy ang pantig sa walang antalang bugso ng tinig sa pagbigkas ng salita. Ang pagpapantig naman ay ang tamang paghahati ng salita batay sa bigkas nito. Gitling ang pinakapraktikal na bantas upang hatiin nang wasto ang mga salita sa wikang Filipino. Narito ang mga halimbawang salita sa ibabang hinahati ng gitling kapag pinantig:

1. pi-na-ka-ma-ka-pang-ya-ri-han,
2. ka-ba-nal-ba-na-lan,
3. ni-la-pas-ta-ngan,
4. ka-ru-mal-du-mal, at
5. ka-ha-nga-ha-nga.

Ikatlong tuntuning hindi mababasa kahit saan na maaari palang dalawang gitling ang gamitin sa salitang hiram na ginigitlapian o ginagawang salitang-ugat ang salitang hiram na may panlaping kabilaan. Ito ang iginigiit sa mga sanaysay ni Almario sa kaniyang *FB Page* na *Filipino Ngayon* (2025). Ginagamit na rin ito ng ilang tagapagtaguyod at mga guro ng/sa Filipino sa mundo ng *social media*. May mga pagkakataong lantaran at lansakan ang ating panghihiram ng salita sa pasalitang diskurso o kumbersasyon at nalalagayan natin ng gitlapi kapag isinusulat gaya ng sumusunod:

1. s-um-elfie,
2. ch-in-arge,
3. gr-um-aduate,

4. **d-in-elete**,
5. **d-in-emolish**,
6. **s-in-alvage**,
7. **t-in-ry**,
8. **d-in-econgest**,
9. **in-exam-an**,
10. **p-in-ush**,
11. **ka-cheap-an**,
12. **sh-in-are**,
13. **in-offer-an**,
14. **bl-in-ock**,
15. **w-in-elcome**,
16. **w-in-ithdraw**,
17. **na-sign-an**,
18. **na-video-han**,
19. **pa-picture-an**
20. **ka-busy-han**, at
21. **nagka-inlove-an**.

Nakita rin ang hulwarang ito sa ilang panulat o sanaysay ni Almario at sa mga post nina Victoria at Angeles (2026) sa kanilang *Facebook*. Sa kontesktong ito ay malinaw na nakikita natin ang salitang-ugat ng hiniram na salita kaya mahalagang lagyan ito ng dalawang gitling.

Ikaapat na dapat mailagay sa tuntunin ng paggamit ng gitling kapag may mga unlapi ang akronim, daglat, at/o inisyals gaya ng:

1. **nag-pm**,
2. **mag-ID**
3. **mag-bf**, at
4. **nag-ATM**.

Kaso 5: Kailan Walang Gitling ang Salitang Hiram na Inuunlapi?

Basahin natin ang paliwanag ni Victoria mula sa artikulo niyang *Kontradiksiyon sa Mga Isyung Pangwika sa Filipino* (2019):

Ika-12, sinasabing nilalagyan ng gitling kapag nilalapian ang mga banyagang salita. Kaya ang tama ay nagpa-photocopy. Dahil Ingles ang salitang *photocopy* at may panlaping nagpa, dapat itong lagyan ng gitling. Paano ang mga tiyak na halimbawang ito?

Matesting	Nakainternet
Nakasuspend	Magperform
Nagets	Ideploy
Nakashabu (sic)	Nakakachat (sic)
Pangnet	Isend
Nagdemo	Nakaset
Nakajam	Magreport
Mamonitor	Pangjargon
Magdemand	Ideport
Nagsent	Pagtrending
Nagpaprint	Irisk
Nakapagpost	Kapartner

Tama. Walang gitling ang mga tiyak na halimbawa sa itaas at kontradiksiyon ang mga ito. Tandaang ang paglalagay ng gitling sa mga salitang dayuhang nilalapian ay lapat lamang kung inkosistent ang isang salita. Dahil konsistent sa pagbasa at pagsulat ang mga tiyak na halimbawa sa itaas, kataliwasan ito sa gamit ng palagitlingan. Sa aklat na “Panimulang Linggwistika sa Pilipino” ni Santiago, binigyang-depinisyon ang pagiging konsistent ng salita na kapag tinutumbasan ng isang titik ang isang tunog. Ibig sabihin, kung ano ang basa, siya ang sulat. Sabi pa niyang **“Sa ibang salita, bawat makabuluhang tunog o ponema ay inirerepresenta ng isang letra lamang kapag isinusulat.”** Idinagdag pang “konsistent ang palabaybayan ng Filipino samantalang ang sa Ingles naman ay di-konsistent (148).”

Ito naman ang talakay ni Almario (2025) sa kaniyang *Filipino Ngayon* sa mundo ng *Facebook*:

MA-HOSTAGE, MAKIDNAP

Samantála, may mga salitâ sa Ingles na may ispeling na hindi katulad ng tunog kapag binigkas. Ganito ang kondisyon ng “hostage.” Kayâ kapag isinúlat ito nang may panlapi at hindi nireisipel ay kailangan itong gitlingan: **Ma-hostage**. Kung irereisipel ito sang-ayon sa bigkas at isinúlat ay puwede itong walâng gitling: **Mahosteyds**. Medyo mahirap lang agad makilala. At ang bagay na ito ang sanhi ng pagsúlat sa maraming salitâ sa Ingles sa orihinal nitóng baybay. Para madalí itong mabása ng mga sanáy bumása sa Ingles.

Dito ko napansin ang lihis na paglalagay ng gitlapi sa hostage nang hindi ito nirereisipel sa UNTV. **Humostage**. Sa ganitong anyo, puwede itong mabása sa ganitong paraan: **Hu/mos/ta/ge**. Hindi ito magaganap kung irereisipel ang hostage at magkaroon ng ganitong anyong pasulát: **Humosteyds**.

Para maiwasan ang problemang ito, laging ginagámit sa hiram na salitâ ang unlapi. Iniiwasan ang gitlapi. At marami namang paraan para gamítan lang ng unlapi o hulapi ang isang hiram na salitâ. Ngunit kapag isinusúlat ang isang diyalogo sa kuwento o dula, o ininterpret ang isang pabigkas na kumbersasyon ay dapat matútong hulíhin ang bigkas sa salitâ at ang tunog nitó ang isúlat. Sa gayong pangyayari, marereisipel ang hiram na salitâ at posibleng magtaglay ng gitlapi, gaya ng “humosteyds” at “ifinayl,” nang walâng gitling.

Sari-Samot

ni Virgilio S. Almario
Ferndale Homes
21 Enero 2025

Isa sa dapat mailahok na tuntunin ngayon kaugnay sa palagitligan ay ito, **lagyan ng gitling ang mga salitang hiram na ininulapiang HINDI konsistent ang bigkas sa isang salita**. Ngunit kapag ang salitang hiram ay konsistent sa pagbigkas, HINDI na nito kailangang gitlingan. Ano ba ang ibig sabihin ng konsistent na pagbigkas? Sa aklat na “Panimulang Linggwistika sa Pilipino” ni Santiago (1979), binigyang-depinisyon ang pagiging konsistent ng salita na kapag tinutumbasan ng isang titik ang isang tunog. Ibig sabihin, kung ano ang basa, siya ang sulat. Sabi pa niyang “**Sa ibang salita, bawat makabuluhang tunog o ponema ay inirerepresenta ng isang letra lamang kapag isinusulat.**” Idinagdag pang “konsistent ang palabaybayan ng Filipino samantalang ang sa Ingles naman ay di-konsistent (148).”

Kaya malinaw ang talakay ni Almario (2025) na walang gitling ang **makidnap** ngunit may gitling naman ang ma-**hostage**. *As is* kasi ang bigkas ng kidnap. Wala nang ibang bigkas. Kung ano ang sulat, ito ang basa. Kung ano ang basa, ito ang bigkas. KIDNAP. Samantalang iba ang bigkas ng *hostage* sa nakasulat. Hindi ito *as is* sa pagbigkas at hindi rin konsistent o “**Sa ibang salita, bawat makabuluhang tunog o ponema ay inirerepresenta ng isang letra lamang kapag isinusulat.**” Ang bigkas natin sa Filipino ng *hostage* ay *hosteyds*. Hindi ito binibigkas ng **hos-ta-ge**.

Matagal nang nauunawaan at sinusunod ang praktikaning ito ni Almario ng nagsusulat ng papel na ito. Kaya nga nailuwal ang kritikal na papel na may pamagat na *Kontradiksiyon sa Mga Isyung Pangwika sa Filipino* noong 2019. Ngunit biglang magpepreno ang mismong mananaliksik nang magpaeksam nito nang 100 puntos sa kaniyang klase. May lumitaw na mga kataliwasan o eksepsiyon. Narito ang paeksam sa kahon sa ibaba.

Panuto: Tukuyin kung tama o mali ang mga salitang hiram na may unlapi. PILIIN ang **TITIK** ng tamang sagot.

- | | |
|----------------|----------------|
| A. Tama | B. Mali |
| 1. Nagpaprint | |
| 2. Nakalaptop | |
| 3. Pinaedit | |

4. Pigbuzzer
5. Nakaforward
6. Nagstop
7. Nagrenew
8. Ibold
9. Nakahazard
10. Nagpark
11. Madeliver
12. Nakachat
13. Kaclose
14. Nakahelmet
15. Nagmotor
16. Makadate
17. Nagsurvey
18. Nakainternet
19. Nagpareformat
20. Magdiet
21. Nahostage
22. Nakidnap
23. Nagets
24. Nagpanel
25. Nagslogan
26. Nakarandom
27. Idecline
28. Nagdeactivate
29. Naadd
30. Mamimiss
31. Kapartner
32. Iremind
33. Nakajournal
34. Ienjoy
35. Natransmit
36. Nagrereply
37. Ilimit
38. Mapresent
39. Idiscredit
40. Nagsesend
41. Maappreciate
42. Iboost
43. Inireveal
44. Napirate
45. Kapair
46. Magrant
47. Nagtwist
48. Nirerepost
49. Paexplain
50. Nakabrown

51. Magheal
52. Ikaproud
53. Kadate
54. Kawork
55. Ibibless
56. Nabusy
57. Pamarket
58. Mapaproxy
59. Machoreograph
60. Magtantrums
61. Nahack
62. Magpredict
63. Maselect
64. Ipromote
65. Magdiet
66. Iscan
67. Nademote
68. Itext
69. Nagset
70. Naexcite
71. Pagdelay
72. Nagperform
73. Ipadeport
74. Nagsubscribe
75. Magviral
76. Nadepress
77. Iparealize
78. Kadark
79. Pinagdrive
80. Maevil eye
81. Nagresign
82. Pinapareport
83. Iconfront
84. Maorganize
85. Nabash
86. Nagrerank
87. Maconvict
88. Paghold
89. Isurrender
90. Nagprotocol
91. Nirestory
92. Naturnover
93. Nakamatch
94. Nasuspend
95. Iraid
96. Macelebrate

- 97. Pagcover
- 98. Pahelp
- 99. Icancel
- 100. Kapartner

Narito ang mga nakita at nasuring kataliwasan kaugnay sa kawalan ng gitling sa mga hiram na salitang inuunlapian.

Una, may gitling pa rin kapag ang salitang hiram na inuunlapian ay may mga titik na hindi binibigkas o *silent* gaya ng na-hack, nag-heal. *Silent* kasi ang bigkas sa **c** sa na-hack, at **a** sa na-heal at i-ready.

Ikalawa, may gitling pa rin ang salitang hiram na inuunlapiang may dobleng titik gaya ng mag-jazz, naka-attend, ipa-bless, i-surrender na-depress, mami-miss, **na-add**, i-boost, nag-dinner, nag-sorry, na-press, nag-off. Sa alpabeto at ponolohiyang Filipino kasi ay wala tayong dobleng titik o tunog.

Ikatlo, lalagyan pa rin ng gitling ang mga salitang hiram na inuunlapian kapag ito ay mga titik gaya ng **c** at **x** dahil dalawa ang posibleng bigkas nito. Ito ay maaaring **s** o **k** para sa **c** at **ks** naman para sa **x** gaya halimbawa sa ipa-convert, i-cancel, ka-close, mag-tax, i-text naka-extra, nag-class outing, pag-cover, ma-relax, naka-condo, nag-condom, i-extend, nag-podcast. Mahalagang isalpak dito ang dalawang paghahati sa mga tunog na letra mula sa *Revisyon ng Alfabetong Filipino* (2001). Sabi nga ni Victoria (2020), ang ipinatupad noon ay ang “2001 Revisyon sa Alfabeto at Patunay sa Ispeling” ng *Komisyon sa Wikang Filipino*. Ang lakas o ganda ng patnubay na ito ay nahati ang walong dagdag na titik o letra sa dalawa: (1) may katangiang ponemiko gaya ng **f, j, v**, at **z** at (2) may kinakatawang higit pa sa isang tunog gaya ng **c, ñ, q, x**, at **z**.

Ikaapat, may gitling pa rin ang salitang hiram na inuunlapian kapag masyado itong maikli at/o maaaring magkaroon ng ibang kahulugan, o kaya, ay hindi agad matukoy ang kahulugan gaya ng naka-**on**, nagka-**gap**, naka-**pad**, naka-**pin**, nag-**rim**, na-**ban**, mag-**trim**, na-**tag**.

Ikalima, may gitling pa rin ang salitang hiram na inuunlapian kapag may mga **digrapo**. Tandaang ang digrapo ay dalawang titik na magkaibang kumakatawan sa iisang tunog kaya labag ito sa esensiya ng pagiging konsistent ng isang tunog o letra. Kaya may gitling ang bina-**bash**, nag-**chat**, naka-**match**, naka-**shabu**, pang-**show**.

Ikaanim, may gitling pa rin ang salitang hiram na inuunlapian kapag nagsisimula sa **s** ang umpisang letra nito gaya ng i-**scan**, nag-**slogan**, nag-**stop**.

Mga Realisasyon sa Palagitlingan

Sa lahat ng bantas, gitling ang pinakamaraming sablay sa wikang Filipino, marahil ito rin kasi ang may pinakamaraming tuntunin. Ang totoo, walang iisang matinong sanggunian ang nakakakompleto ng lahat ng tuntuning ito kahit pa ang *OP* at *MMP*. May mga tuntuning nasa partikular na batis na ito ngunit wala sa iba at katumbalikan. Ano kayang mapagkakatiwalaang sanggunian ang makakakompleto at makakabuo nito?

Pinapatunayan ng mahabang karanasan ng mananaliksik na ito na tadtad ang pagkakamali ng mga mag-aaral sa gitling sa tulong ng paulit-ulit na pagwawasto ng mga sanaysay at iba pang akademikong sulatin mulang kolehiyo hanggang doktorado. Sinegundahan ito ng pag-aaral ng tesis ni Acunin (2025) na hindi gaanong alerto at listo ang mga mag-aaral sa wastong gamit ng gitling at sa mga tuntuning kaakibat nito. Ang dami nilang pagkakamali, sablay, maling pag-unawa, at pagbabali-baligtad. Ang walang gitling ay ginigitlingan. Ang dapat sanang may gitling ay hindi naman nilalagyan.

Kahit si Almario (2025) sa kaniyang post ay batid kong may sablay sa tuntunin ng palagitlingan kaugnay sa paglalagay ng unlapi sa hiram na salita gaya sa kasong ito:

SUMAKSES SA KINARIR

PARA SA AKIN, simboliko ang paggamit ng gitling sa nilalapiang salitang banyaga, lalo na ang hiram sa Ingles. Ang ibig sabihin, itinuturing pa rin itong banyaga kahit hinihiram at madalas nang gamitin sa usapan. Ang nakatutuwa, dahil sa bagong titik sa alpabeto natin ay higit na naging matapang mag-eksperimento sa pagreisipel ang mga sumusulat ngayon. May sumusulat na ng “magwiski” (whisky), “ifayl,” (file), “imadyinin (imagine). At nadagdag ito sa mga salita kahit mula Ingles na iisa ang anyo ng bigkas at sulat, gaya “iprint,” “**magtax**,” “**magjazz**.” Bagaman, walâ pa akong nakítang reispel sa “wine” kayâ “mag-wine” pa rin kung isulat.

Ang nakabold ang nakita kong problema gaya ng naipaliwanag ko na sa nilalaman ng papel na ito.

Sa huli, lagi nang nagbabago ang lahat ng wika sa daigdig kaya mainam na mapag-usapan ang mga hamon, kalakaran, at kairalang ito tungkol sa gitling. Buhay ang lahat ng wika at kaakibat nito ang dumaan sa repaso, ebolusyon, pagpipino, pagwawasto, at kritika. Mahalaga ito tungo sa estandardisasyon ng Wikang Pambansa. Para maputol o masawata kahit papaano ang malaganap na pagkakani-kaniya sa usapin ng wikang naghahati sa maraming edukador sa hanay ng ating asignatura, larang, programa, kurso, at/o disiplina.

Lagi nang mahalaga, makabuluhan, at makatuturan ang estandardisasyon o iisang imahen ng mga ispeling ng salita tungo sa intelektuwalisasyon ng wikang Filipino. Sa huli makapangyarihang bantas at makabuluhang tunog ang gitling sapagkat kaya nitong makapagpabago sa kahulugan ng isang salita. Maituturing itong representasyon minsan ng impit na tunog o *glottal sound* dahil kaya nitong ibahin ang depinisyong

isang termino gaya sa kaso ng nag-iba at nagiba, pang-ako at pangako, mag-alis at magalis, pang-ulong at pangulong, may-ari at mayari, nag-ulat at nagulat, atbp (Santiago, 1979).

PS: Sobra-sobra na ang paglalagay sa hiram na salitang inuunlapiang may gitling na, nakahilig o italisado pa. Madiwara o *redundant* na ito. Ang gitling mismo ang palatandaang hiram ang kasunod ng nilalapiang salita kaya hindi na kailangang gawin itong italisado. Halimbawa, *naka-jacket*, *nag-enroll*, *na-trauma*, *mag-type*, *makipag-meet*. Mali ito. Ang tama ay **naka-jacket**, **nag-enroll**, **na-trauma**, **mag-type**, **makipag-meet**.

SANGGUNIAN

- Acunin, S. C. (2025). *Antas ng kaalaman at kasanayan ng mga medyor ng Filipino sa Camarines Norte State College sa Manwal ng Masinop na Pagsulat o MMP* [Di-nalathalang tesis]. Ateneo de Naga University.
- Almario, V. S. (2025a, March 15). *Ma-hostage, makidnap* [Status update]. Facebook. <https://www.facebook.com/FilipinoNgayon2020>
- Almario, V. S. (2025b, March 15). *Sumaksis sa kinarir* [Status update]. Facebook. <https://www.facebook.com/FilipinoNgayon2020>
- Almario, V. S. (2010, October 20–22). *Lakbay-seminar sa pagpapalaganap ng wika at panitikan* [Papel na iniharap sa seminar]. Ateneo de Naga University, Lungsod Naga, Pilipinas.
- Almario, V. S. (Ed.). (2010). *UP diksiyonaryong Filipino* (2nd ed.). Anvil Publishing.
- Komisyon sa Wikang Filipino. (1998). *Diksiyunaryo ng wikang Filipino* (Sentinyal ed.).
- Komisyon sa Wikang Filipino. (2014a). *Manwal ng masinop na pagsulat*.
- Komisyon sa Wikang Filipino. (2014b). *Ortograpiyang pambansa*.
- Komisyon sa Wikang Filipino. (2025). *KWF diksiyonaryo ng wikang Filipino*. <https://kwfdiksiyonaryo.ph/?query=gitling>
- Santiago, A. O. (1979). *Panimulang linggwistika sa Pilipino*. Rex Book Store.

- Santiago, A. O., & Tiangco, N. G. (1991). *Makabagong balarilang Filipino*. Rex Printing Company.
- Victoria, V. A. (2019). Kontradiksiyon sa mga isyung pangwika sa Filipino. *E-Journal*, 12(1). <https://ejournals.ph/article.php?id=13879>
- Victoria, V. A. (2020). *Mulang Baybayin (at HINDI Alibata) hanggang Ortograpiyang Pambansa: Ebolusyon ng alpabetong Filipino*. Sariling limbag.

Si **Vasil A. Victoria** ay nagtapos ng PhD sa Araling Filipino sa De La Salle University, Maynila na may perpektong kuwatro ang lahat ng marka sa kaniyang kurso. Nasa 20 taon na ang kaniyang karanasan bilang edukador sa Filipino sa Pamantasang Ateneo de Naga. Siya ay kinikilala sa kahusayan sa pagtuturo-pagkatutong pinatutunayan ng excellent evaluation mula sa kaniyang mga mag-aaral, kapuwa-guro, at immediate superior mula noong 2014 hanggang sa kasalukuyan. Siya rin ay tagapangasiwa ng mga pandaigdigan, pambansa, at panrehiyong seminar-worksyp sa Filipino. Siya ang punong direktor ng Samahan ng mga Guro sa Intelektuwalisasyon ng Filipino, Inc. o SAGIF, Inc. Marami na rin ang mga aklat na kaniyang naisulat para sa medyor maging sa lahat ng antas ng pag-aaral. Nakapaglathala na rin ng maraming pananaliksik sa mga refereed journal. Marami na rin siyang kawanggawa at ekstensiyon para sa pagpapalaganap, pagtataguyod, at pagpapalakas ng Wikang Pambasa partikular sa Bikol.